# OPT Plus TSEK

## *Operation Timbang Plus*

*Tamang Sukat, Eksaktong Kalidad!*

### *Ano ang mga dapat gawin?*




(02) 8252 - 0069 NNCMiMaRoPaRegion https://bit.ly/nncmimaropa



***Paalala bago magsimula ang Operation Tmbang (OPT) Plus:***



**Tiyaking maayos ang pagkakasuot ng face mask.**




**Magspray ng alcohol bago at pagkatapos humawak ng bata.**



***Paalala bago magsimula ang Operation Tmbang (OPT) Plus:***



- Siguraduhing matibay ang pagsasabitan ng weighing scale.



- Maghanap ng patag na lugar kung saan maipapatong ang length/height board ng hindi gumagalaw.



## *Ano ang Operation Timbang (OPT) Plus?*

**"Ang OPT Plus ay ang taunang pagsusukat at pagsusuri ng anthropometric measurement ng lahat ng mga batang 0 hanggang 59 buwang gulang sa isang barangay.**





## Ano ang kailangang sukatin sa OPT Plus?

- **Timbang o weight: kilograms**
- **Haba o length: centimeters**
  *(0 hanggang 23 buwang gulang)*
- **Taas o height: centimeters**
  *(24 hanggang 59 buwang gulang)*
- **Mid-upper arm circumference (MUAC): centimeters**
  *(6 hanggang 59 buwang gulang)*
- **Pamamanas o edema**
  *(0 hanggang 59 buwang gulang)*

# ANG GABAY SA PAGSASAGAWA NG OPERATION TIMBANG (OPT) PLUS



## *Kailan isinasagawa ang OPT Plus?*

"Ito ay ginagawa tuwing unang tatlong buwan ng taon (Enero hanggang Marso). Bilang paghahanda, kailangang iberipika ang mga weighing scales at length/height boards tuwing Agosto bago magsimula ang susunod na taon.



## *Saan isinasagawa ang OPT Plus?*

**"Ito ay maaaring isagawa sa health facility, barangay hall, weighing post, day care center, bahay-bahay, o kung saan man na maaaring magkapagsukat ng maayos at ligtas.**



## *Sino ang maaaring magsagawa ng OPT Plus?*

**Ang OPT Plus Team na pinamumunuan ng Rural Health Midwife (RHM), kasama ang 5 hanggang 7 miyembro tulad ng mga Barangay Nutrition Scholars (BNSs), Barangay Health Workers (BHWs), Committee Chair on Health and Nutrition, Sangguniang Kabataan (SK) Officials, Day Care Worker (DCW), at Teacher-in-Charge.**



## *Bakit mahalaga ang pagsasagawa ng OPT Plus?*

**"Ito ay makakatulong upang masuri ang nutritional status ng mga batang 0 hanggang 59 buwang gulang; mahanap kung sino at nasaan ang mga malnourished na bata; at magsilbing gabay ng mga LGUs sa pagpaplano ng mga interbensyon upang lutasin ang malnutrisyon.**

# ANG GABAY SA PAGSASAGAWA NG
# OPERATION TIMBANG (OPT) PLUS



## *Matapos ang OPT Plus, ano ang susunod na gagawin?*

**Narito ang schedule ng pagmomonitor sa mga 0 hanggang 59 buwang gulang na mga bata:**

| | |
|---|---|
| Monthly (Buwan-buwan) | • Lahat ng mga 0 hanggang 23 buwang gulang na bata<br>• Malnourished na 0 hanggang 59 buwang gulang na bata |
| Semestral (Tuwing anim na buwan) | • Lahat ng mga 24 hanggang 59 buwang gulang na bata |



***Matapos ang OPT Plus, ano ang susunod na gagawin?***

**Lahat ng matatagpuang malnourished na 0 hanggang 23 buwang gulang ay dapat timbangin buwan-buwan habang quarterly naman sa mga malnourished na 24 hanggang 59 buwang gulang hanggang sa maging normal ang kanilang timbang.**

# ANG GABAY SA PAGSASAGAWA NG OPERATION TIMBANG (OPT) PLUS

NATIONAL NUTRITION COUNCIL • 1974 • MIMAROPA



## *Matapos ang OPT Plus, ano ang susunod na gagawin?*

**"Ang mga batang makikitaan ng edema o pamamanas ay kinakailangang ipagbigay alam kaagad sa Rural Health Unit (RHU) upang mabigyan ng maagap na aksyon.**


(02) 8252 - 0069 NNCMiMaRoPaRegion https://bit.ly/nncmimaropa

# ANG GABAY SA PAGSASAGAWA NG OPERATION TIMBANG (OPT) PLUS



***Matapos ang OPT Plus, ano ang susunod na gagawin?***

**"Lahat ng matatagpuang malnourished na bata ay dapat maging prayoridad at maging benepisyaryo ng mga programang pangnutrisyon na isinasapatupad ng lokal na pamahalaan.**

# ANG GABAY SA PAGSASAGAWA NG OPERATION TIMBANG (OPT) PLUS



***Matapos ang OPT Plus, ano ang susunod na gagawin?***

**"Siguraduhing tama ang mga sukat ng 0 hanggang 59 buwang gulang na mga bata; at maayos ang pagkakasulat sa BNS Print Out Form bago isumite sa Midwife at City/Municipal Nutrition Action Officer.**